# Pagpapasuri para sa COVID-19



Mahalagang magpasuri kung mayroon kang mga sintomas o kung nagkaroon ka ng malapit na pakikisalamuha sa sinumang sinuri bilang positibo para sa COVID-19.

## Saan Ka Pwedeng Magpasuri

**Iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan** o provider na tumatanggap ng **iyong insurance**.

**Drive thru** o **walk up na site sa pagsusuri.**

**Klinika sa komunidad, sentro para sa kalusugan**, o **botika**.

## Halaga

**Kung mayroon kang mga sintomas o kung nagkaroon ka ng malapit na pakikisalamuha sa sinumang sinuri bilang positibo para sa COVID-19, dapat libre ang iyong pagsusuri.**

- **Kung mayroon kang insurance,** dapat saklawan ng iyong kompanya ng insurance ang halaga ng pagsusuri. Tumawag muna para magtanong kung mayroong ibang singil.
- **Kung wala kang insurance**, maraming drive-thru na site, klinika sa komunidad, at sentro para sa kalusugan ang nagbibigay ng libreng pagsusuri kahit walang insurance. Maaaring makipagtulungan sa iyo ang ibang provider para masaklawan ang iyong pagsusuri.

## Paano Magpasuri

**Tawagan ang iyong provider** o ang numero sa likod ng iyong insurance card.

- **Tumawag sa** 2-1-1.
- **Bisitahin ang webpage ng** Washington State Department of Health (Departamento ng Kalusugan ng Washington) para sa Mga Lokasyon ng Pagsusuri: doh.wa.gov/TestingLocations.

Bumisita sa **DOH.WA.GOV/Coronavirus** para sa higit pang impormasyon.
Para hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o may kahirapan sa pandinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

DOH 820-100 Setyembre 2020 – Tagalog


Washington State Department of Health

# Pagpapasuri para sa COVID-19



## Ang Iyong Appointment para sa Pagsusuri

### 1 Mag-check in para sa iyong appointment.




Hihilingin sa iyo ng mga drive-through site at mga klinika sa komunidad ang:

- **Pangunahing impormasyon**, tulad ng iyong pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para makontak ka nila tungkol sa mga resulta.
- **Iyong ID (identipikasyon) at insurance card.** Hindi mo kailangang ipakita ang mga ito, pero hihilingin nila ito.

**Hindi** sila magtatanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon. Ibabahagi lamang ang impormasyon sa Department of Health (Departamento ng Kalusugan) o iyong lokal na departamento ng kalusugan.

### 2 Magpasuri.



Kokolekta ang provider ng sample mula sa iyo. Kadalasan, magsa-swab sila sa loob ng iyong ilong o ipapa-swab sa iyo ang sarili mong ilong.



Pagkatapos ay ipapadala ang iyong sample sa isang lab para suriin.

### 3 Manatili sa tahanan.



Tiyaking manatili sa bahay at iwasan ang ibang tao hanggang malaman mo ang resulta ng iyong pagsusuri.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpapasuri para sa COVID-19, bisitahin ang: **doh.wa.gov/Testing**